Lalawigan ng San Diego

IWASAN ANG MGA BARA, ITAPON NANG MAAYOS ANG MGA F.O.G.

Mahigit sa 50% ng mga residente ng Lalawigan ng San Diego ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga daanan ng tubig.[1] Sundin ang mga tip na ito mula sa Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego tungkol sa maayos na pagtatapon ng **fats, oils, at grasa (mga F.O.G.)** para mapanatiling malinis ang ating mga anyong tubig.

Ang mga F.O.G. ay maaaring makabara ng mga tubo na nagreresulta sa magastos na pagpapaayos at pag-apaw ng mga kanal na maaaring makapagpadumi sa ating mga daanan ng tubig. Panatilihing maayos ang mga bagay sa pamamagitan ng paglalagay ng F.O.G. na basura sa green organics bin mo sa halip na sa drain.

ANG MGA KARANIWANG F.O.G. SA INYONG BAHAY AY KINABIBILANGAN NG:

Butter

Mga Pampalasa

Mantika

Mga Taba

Gravy

Mantika mula sa Karne

Salad Dressing

Yogurt

[1]*Batay sa mga kamakaliang survey sa buong lalawigan.*

Karamihan sa mga residente ay gumagawa na ng tama sa pagtatapon ng mga F.O.G. sa pamamagitan ng:

- Pagpupunas sa mga pinggan gamit ang paper towel at paglalagay nito sa green organic waste bin o basurahan kung wala ka pang petsa ng pickup ng mga organiko sa curbside (kontakin ang provider mo ng serbisyo sa basura para sa mas maraming impormasyon).
- Hayaan ang mga likido tulad ng natunaw na butter at grasa na lumamig at tumigas, pagkatapos kayurin sa green organic waste bin o basurahan. (TIP: mahusay gamitin dito ang mga kubyertos o mga rubber scraper!)

Iwasan ang mga amoy at peste gamit ang mga madadaling tip na ito:

- Itago ang mga F.O.G. at iba pang organikong basura sa isang container na reusable (lata ng kape o taguang container na gawa sa plastik) hanggang sa petsa ng pickup sa iyo, pagkatapos, ilipat ang basura mula sa container papunta sa panlabas na green waste bin.
  - » Humiling ng dishwasher-safe kitchen caddy mula sa provider mo ng serbisyo sa basura.
- Ilagay ang caddy, container, o mga paper bag mo na may mga F.O.G. na basura sa freezer o refrigerator pagkatapos ilipat ang mga basura sa panlabas na green waste bin mo sa gabi bago ang petsa ng pickup.
- Sapinan ng dyaryo, paper bag, o pinagtabasan sa bakuran ang ilalim ng panloob na container at panlabas na green waste bin.

Lalawigan ng San Diego
1.888.846.0800 | watersheds@sdcounty.ca.gov
www.sandiegocounty.gov/stormwater

Dis. 2022